

# PANGANGALAKAL NG TAO

## KAILANGAN MO BA NG TULONG?

Tutulungan ka ng New Zealand Police at Immigration New Zealand.

Tawagan ang Pulisya sa 105 o magsumbong online sa **105.police.govt.nz**.

Kung ito ay isang emerhensya, laging tumawag sa **111**.

Maaari ka ring magsumbong nang walang pagkakakilanlan sa Crime Stoppers sa **0800 555 111** o online sa **www.crimestoppers-nz.org/report**

NEW ZEALAND IMMIGRATION

NEW ZEALAND POLICE
Ngā Pirihimana o Aotearoa

CRIME STOPPERS
Aukati Takahi Ture

## IKAW BA AY NASA SITWASYONG PANGANGALAKAL NG TAO?

**Itanong sa iyong sarili:**

- Mayroon bang ayaw magbalik sa iyo ang iyong pasaporte o pera?
- May mga kandado ba sa iyong mga pintuan o bintana na pumipigil sa iyong pag-alis?
- Kailangan mo ba ng pahintulot para kumain / matulog / pumunta sa banyo?
- Wala ka bang time off, hal. para mamili at makihalubilo?
- Napakaliit lamang ba ng bayad sa iyo o ni wala man lamang?
- Ikaw ba ay pinupuwersang magtrabaho para makabayad sa utang?
- Ikaw ba o ang iyong pamilya ay binantaan (ng karahasan, pagkabilanggo o deportasyon) kung hindi ka makikiisa?
- Ikaw ba ay naglakbay o na-recruit para sa trabaho na hindi pala ligal, mas mababa ang ibinayad kaysa sa ipinangako, o hindi man lang nabayaran.

Kung sinagutan mo ng oo ang alinman sa mga tanong na ito, humingi ka ng tulong sa New Zealand Police.

## ISUMBONG ITO

Ang pangangalakal ng tao ay isang paglabag sa mga karapatang pantao – huwag itong ipagwalang-bahala

**Maaaring mangailangan ng tulong ang isang tao kung siya ay:**

- Nakatira sa kanyang lugar ng trabaho (tingnan kung may mga kandado sa labas ng mga pinto)
- May 'nakahandang' mga pahayag at kuwento
- Walang pera o anumang klase ng ID (hindi ibinabalik ang pasaporte)
- Nagtatrabaho nang mahabang mga oras at / o walang time off
- May nagsasalita para sa kanya at inoobserbahan ng isang 'escort' o 'tagasaling-wika'
- May kakaibang takot sa kanyang tagapag-empleyo at mga awtoridad
- Nagpapakita ng mga palatandaan ng napabayaang kalusugan ng kaisipan o katawan (posibleng pag-abuso ng droga o alkohol o pagpinsala sa sarili)

Kung kailangan mo ng tulong, tawagan ang Pulisya sa **105** o magsumbong online sa **105.police.govt.nz**. Kung ito ay isang emerhensya, laging tumawag sa **111**.

Maaari ka ring magsumbong nang walang pagkakakilanlan sa Crime Stoppers sa **0800 555 111** o online sa **www.crimestoppers-nz.org/report**

INZ 7167 SEP 21
TAGALOG